

FACT SHEET PARA SA MGA EMPLEYADO



Kagawaran ng Pang-industriya na Relasyon ng California
Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho | ABRIL 2026

Pagprotekta sa Mga Manggagawa ng Artipisyal na Bato mula sa Silicosis at Kanser sa Baga

Ano ang Silicosis at Nauugnay sa Silica na Kanser sa Baga?

Kapag gumugupit at humuhubog ang mga manggagawa ng ilang uri ng mga countertop ng artipisyal na bato, nalalantad sila sa maraming silica dust. Ang paglanghap ng silica dust ay humahantong sa pagkakapilat ng tissue sa baga.

Ang pagkakapilat na ito ay tinatawag na silicosis, na isang malubhang sakit sa baga. Bukod pa rito, ang kanser sa baga na nauugnay sa silica ay isang kondisyon kung saan ang nalanghap na silica dust ay nagsasanhi ng mga may kanser na tumor sa mga baga.

Sa una, maaaring walang sintomas. Sa loob ng ilang taon, maaaring magkaroon ng pag-ubo, kahirapan sa paghinga,

pagkapagod, at pananakit ng dibdib ang mga tao. Ang parehong kondisyon ay maaaring magdulot ng matinding kapansanan at, sa maraming kaso, kamatayan. Ang pinsalang dulot ng silica dust ay hindi na mababawi.

Mula 2019 hanggang Pebrero 2026, 519 na manggagawa sa California na gumugupit at humuhubog ng mga artipisyal na batong countertop ay nagkaroon ng silicosis:

- 29 sa 519 na manggagawang ito ang namatay na.
- 55 ang sumailalim sa transplant ng baga.
- Pagkatapos ng transplant ng baga, karamihan sa mga tao ay nabuhay nang wala pang 10 taon sa karaniwan.

Ano ang Dapat Gawin ng Mga Employer?

Ang mga batas sa California ay nangangailangan sa mga employer na protektahan ang kanilang mga manggagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod:



Tubig

Laging gumamit ng mga basang pamamaraan kapag gumagawa ng mga produkto mula sa artipisyal na bato. Gumamit ng maraming tubig. Ang bato ay dapat na ganap na basa para mabawasan ang dala ng hangin na silica dust. Huwag kailanman gumupit ng tuyo. Kabilang dito ang paglilinis pagkatapos isagawa ang gawaing ito.



Ang Mga Employer para sa Pagsasanay

Ay dapat magbigay ng pagsasanay sa mga empleyadong nagsasagawa ng gawaing ito. Ang pagsasanay ay dapat magsama ng impormasyon sa mga epekto sa kalusugan ng pagkakalantad sa silica, mga ligtas na gawi sa trabaho, at mga nakagawiang pagsusuri sa kalusugan.



Mga Employer sa

Respirator ay dapat magbigay ng alinman sa air-purifying respirator o iba pang respirator na may nakatalagang protection factor na hindi bababa sa 1,000. Dapat gamitin ng mga empleyado ang respirator nang maayos, ayon sa itinuro sa pagsasanay.

Mga Karapatan ng Empleyado

May karapatan ang mga empleyado na:

- Magkaroon ng ligtas at malusog na kondisyon sa pagtatrabaho.
- Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon mula sa kanilang employer tungkol sa lahat ng mga panganib sa trabaho.
- Hilingin sa kanilang employer na itama ang mga hindi ligtas na kondisyon. Kinakailangan ng mga employer na ayusin ang mga hindi ligtas na kondisyon, hihilingin man sila ng mga empleyado o hindi.
- Maghain ng reklamo sa Cal/OSHA tungkol sa kaligtasan sa lugar ng trabaho at mga panganib sa kalusugan.

Karagdagang Impormasyon

Ang fact sheet na ito ay nagbibigay lamang ng maikling pangkalahatang-ideya ng mga panganib at kinakailangan.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang mga resource sa ibaba:

- [Mga Panganib sa Silica sa Pangkalahatang Industriya – Impormasyon para sa Mga Manggagawa](#)
- [Paano Maghain ng Reklamo sa Cal/OSHA](#)

Ang dokumentong ito ay available sa www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications

Para sa mga katanungan, maaaring makipag-ugnayan ang mga empleyado sa kanilang pinakamalapit na Tanggapan ng Cal/OSHA Enforcement. Maghanap ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa www.dir.ca.gov/dosh/DistrictOffices.htm.

© 2026 Kagawaran ng Pang-industriya na Relasyon ng California

